# Dibisyon ng mga Kapansanan sa Pag-unlad (DD) at mga Waiver: Buod ng Serbisyo

2024

NEBRASKA
Good Life. Great Mission.

## Pang-araw-araw na Pagpapaunlad ng mga Kasanayan ng Bata

*Ang pagpapakahulugan ng serbisyo at mga limitasyon na nakasaad sa ibaba ay hindi kasama ang lahat ng mga detalye at kinakailangan. Para sa mga pamantayan ng serbisyo, mga limitasyon, uri at kwalipikasyon ng tagapagbigay, at impormasyon tungkol sa pagbabayad, sumangguni sa naaangkop na Medicaid HCBS DD Waiver.*

### Pagkakaroon ng Waiver

Komprehensibong Waiver para sa mga Kapansanan sa Pag-unlad (CDD)
at Waiver ng Suporta sa Pamilya o (FSW)

### Mga Code ng Serbisyo ng NFOCUS

**Pang-araw-araw na Pagpapaunlad ng mga Kasanayan ng Bata – Ahensiya o Independiyente** 6396

### Pagpapakahulugan ng Serbisyo

Ang Pang-araw-araw na Pagpapaunlad ng mga Kasanayan ng Bata ay isang serbisyong habilitasyon na nagbibigay ng pagtuturo upang mapaunlad, mapanatili, o mapabuti ang mga kasanayan na nakaaangkop na kinakailangan sa buhay sa isang kalahok na may edad 20 taon o mas bata. Ang Pang-araw-araw na Pagpapaunlad ng mga Kasanayan ng Bata ay isinasagawa sa komunidad, hiwalay mula sa pribadong tahanan ng pamilya ng kalahok, kung saan nakatutok sa pagbigay ng suporta upang isulong ang pagiging independiyente at personal na pag-unlad, habang hinihikayat ang pagsasama sa komunidad.

### Mga Kondisyon ng Pagkakaloob

A. Ang Pang-araw-araw na Pagpapaunlad ng mga Kasanayan ng Bata ay kinabibilangan ng:

1. Mga habilitasyong aktibidad upang mapataas ang pagiging independiyente;
2. Mga saklaw na aktibidad sa komunidad upang mapataas ang kasanayan sa pakikisalamuha at libangan;
3. Pangangalaga sa pisikal, medikal, personal, o suporta sa pag-uugali na nauugnay sa mga pangangailangan ng kalahok kaugnay ng kanilang kapansanan o espesyal na kalagayang pangkalusugan; at
4. Pagsubaybay at pangangasiwa na lampas sa karaniwang ibinibigay sa isang kalahok na walang kapansanan o espesyal na kalagayang pangkalusugan.

B. Ang Pang-araw-araw na Pagpapaunlad ng mga Kasanayan ng Bata ay isang serbisyong habilitasyon at kinakailangang magsama ng mga programang habilitasyon. Kailangang isagawa ang mga indibidwal na programa ng habilitasyon, at itala ang mga datos tuwing ibinibigay ang serbisyo.

C. Ang mga halimbawa ng Pang-araw-araw na Pagpapaunlad ng mga Kasanayan ng Bata ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa:

1. Pagtuturo sa isang kalahok kung paano magbahagi sa iba;
2. Pagtuturo sa isang kalahok kung paano makilahok sa mga aktibidad, tulad ng mga laro, pagkukulay, at mga elektronikong laro, ayon sa kanilang edad; o
3. Pagtuturo sa isang kalahok kung paano magtali ng sapatos, mag-zip/unzip ng dyaket, at maghugas ng kamay at mukha.

D. Ang Pang-araw-araw na Pagpapaunlad ng mga Kasanayan ng Bata ay may mga sumusunod na limitasyon:

1. Magagamit para sa mga kalahok na may edad na wala pang 21 taon at nakatira sa kanilang pribadong tahanan ng pamilya.
2. Ang Pang-araw-araw na Pagpapaunlad ng mga Kasanayan ng Bata ay hindi maaaring ibigay ng isang tagapag-alaga o legal na responsable na miyembro ng pamilya ng kalahok.
3. Ang Pang-araw-araw na Pagpapaunlad ng mga Kasanayan ng Bata ay hindi maaaring magsama ng anumang serbisyo o bahagi ng serbisyo na magagamit sa pamamagitan ng pampublikong edukasyon, kabilang ang:

a. Mga programa sa lokal na distrito ng paaralan ng kalahok, kabilang ang pagsubaybay pagkatapos ng paaralan at mga serbisyo sa araw kapag ang paaralan ay hindi nasa sesyon tulad ng mga bakasyon sa tag-init, naka-iskedyul na bakasyon sa paaralan, at mga araw ng paglilingkod ng guro;
b. Sa mga oras ng pag-aaral na itinakda ng lokal na distrito ng paaralan para sa kalahok anuman ang napili niyang paaralan (publikong, pribadong, o bahay); at
c. Ang mga oras ng serbisyong pang-edukasyon na ibinigay o magagamit ay kasama sa kabuuang pinagsama-samang oras ng serbisyo sa araw na 35 oras bawat linggo.

4. Ang mga kalahok na tumatanggap ng Pambahay na Habilitasyon o Terapeutikong Pambahay na Habilitasyon ay hindi maaaring tumanggap ng Pang-araw-araw na Pagpapaunlad ng mga Kasanayan ng Bata.
5. Ang mga kalahok na tumatanggap ng Pang-araw-araw na Pagpapaunlad ng mga Kasanayan ng Bata hindi maaaring makatanggap ng Pagsasama sa Komunidad.
6. Ang serbisyong ito ay hindi maaaring magkapareho, pumalit, o magdoble ng ibang katulad na serbisyo na ibinibigay sa pamamagitan ng Medicaid.
7. Ang Pang-araw-araw na Pagpapaunlad ng mga Kasanayan ng Bata ay may lingguhang limitasyon na 70 oras para sa mga kalahok na nasa komprehensibong DD Waiver. Walang lingguhang limitasyon para sa mga kalahok na nasa FSW. Ang isang linggo ay tinutukoy mula 12:00 am ng Lunes hanggang 11:59 pm ng Linggo.

## Mga Kinakailangan para sa Tagapagbigay

*Ang impormasyong nakasaad sa ibaba ay hindi kasama ang lahat ng mga kinakailangan para sa tagapagbigay. Ito ay nilalayong maging pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga tagapagbigay ng partikular na serbisyong DD na ito.*

A. Ang lahat ng mga tagapagbigay ng mga serbisyo sa waiver ay dapat:

1. Maging isang tagapagbigay ng Medicaid;
2. Sumunod sa lahat ng naaangkop na mga titulo ng Nebraska Administrative Code at Pang Estadong Batas ng Nebraska;
3. Sumunod sa mga pamantayan na inilarawan sa Kasunduan ng Tagapagbigay ng Serbisyo ng Division of Medicaid at Pangmatagalang Pangangalaga;
4. Kumpletuhin ang mga pagsasanay sa DHHS sa kahilingan; at
5. Gamitin ang pangkalahatang mga pag-iingat.

B. Ang Pang-araw-araw na Pagpapaunlad ng mga Kasanayan ng Bata ay maaaring ibigay ng isang ahensiyang tagapagbigay ng DD o ng isang independiyenteng tagapagbigay.

1. Ang isang tagapagbigay ng ahensiyang DDay isang kumpanya na nakarehistro bilang tagapagbigay ng Medicaid at sertipikado ng DHHS upang magbigay ng mga serbisyo ng DD at may pananagutan sa:

   a. Pagkuha at pagsubok sa mga empleyado na nagtatrabaho kasama ang kalahok.
   b. Pagkuha ng mga tauhan batay sa kanilang kwalipikasyon, karanasan, at ipinakitang kakayahan;
   c. Pagbibigay ng pagsasanay upang matiyak na ang mga tauhan ay kwalifikado upang magbigay ng kinakailangang antas ng pangangalaga;
   d. Pagsasang-ayon na gawing available ang mga plano ng pagsasanay sa DHHS;
   e. Tiyakin ang sapat na pagkakaroon at kalidad ng serbisyo; at
   f. Ibang mga administratibong tungkulin.

2. Ang isang independiyenteng tagapagbigay ng DD ay isang tao o nagbebenta na nakarehistro bilang Medicaid at nagtatrabaho sa isang kalahok. Ang kalahok ay may pananagutan sa pag-upa at pagsubaybay sa kanilang tagapagbigay.

C. Ang Pang-araw-araw na Pagpapaunlad ng mga Kasanayan ng Bata ay maaaring pamahalaan nang sarili (self-directed).
D. Ang isang kamag-anak ng kalahok, ngunit hindi isang tagapag-alaga o iba pang legal na responsable na tao ng kalahok, ay maaaring magbigay ng Pang-araw-araw na Pagpapaunlad ng mga Kasanayan ng Bata kapag natugunan nila ang iba pang mga kinakailangan.

## Mga Singil

A. Ang Pang-araw-araw na Pagpapaunlad ng mga Kasanayan ng Bata ay kailangang bilhin sa loob ng taunang indibidwal na badyet ng kalahok.

B. Ang Pang-araw-araw na Pagpapaunlad ng mga Kasanayan ng Bata ay hindi kasama ang pangunahing halaga ng pangangalaga sa bata na hindi kaugnay sa kapansanan ng kalahok.

1. Ang pangunahing halaga ng pangangalaga sa bata ay ang sinisingil at binabayaran sa isang sentro ng pangangalaga sa bata o indibidwal na tagapagbigay para sa mga batang walang kapansanan o espesyal na kalagayang pangkalusugan.
2. Ang pangunahing halaga ng pangangalaga sa bata o ang halaga ng regular na pangangalaga sa bata ay responsibilidad ng magulang o tagapag-alaga.
3. Ang Pang-araw-araw na Pagpapaunlad ng mga Kasanayan ng Bata ay nagbabayad para sa mga serbisyong lampas sa karaniwang pangangalaga sa bata, dahil sa natatanging pangangailangan ng bata na kaugnay sa kanilang kapansanan o espesyal na kalagayang pangkalusugan.

C. Ang gastos sa transportasyon ay:

1. Kasama sa singil habang tumatanggap ng Pang-araw-araw na Pagpapaunlad ng mga Kasanayan ng Bata;
2. Hindi kasama sa singil ang lugar kung saan nagsisimula ang Pang-araw-araw na Pagpapaunlad ng mga Kasanayan ng Bata dahil ito ay responsibilidad ng magulang o tagapag-alaga; at
3. Hindi kasama sa singil ang lugar kung saan nagtatapos ang Pang-araw-araw na Pagpapaunlad ng mga Kasanayan ng Bata, dahil ito ay responsibilidad ng magulang o tagapag-alaga.

D. Ang mga singil ng DD ay nakalista sa DD Provider webpage.

1. Isa lamang na iskedyul ng bayad ang mabisa sa isang pagkakataon.
2. Ang petsa ng pagsisimula ay nasa bawat iskedyul; sa sandaling ang iskedyul ng bayad ay hindi na may bisa ay idinagdag ang isang petsa ng pagtatapos.